THE BOWLERS OF SYMMETRY (TBS) sa pangunguna ni kabayan Rex Galang pinabagsak ang magigiting na SMDC the good guys **12-0** sa Round 14 ng umaatikabong bakbakan sa DFBC 49th All Filipino Bowling League LACOSTE Cup 2016, 1st Conference!!!

#6 The Bowlers of Symmetry (TBS) ipinakita ang kanilang kayang gawin matapos gawing basahan ang kanilang katunggali ay ipinamunas sa malangis na linya ng bowlingan ang #3 SMDC the good guys **12-0** sa Round 14 of DFBC 49th All Filipino Bowling League, LACOSTE Cup 2016!

Matapos ang ilang Biyernes na pag aanuyo, sumambulat lahat ang galit ni Rex "Triple XXX" Galang at ibinuhos sa mga walang kalaban laban na SMDC. Si Rex ay parang sinapian sa kanyang walang ka effort effort na 245, 282 at 241 para sa kabuuang 768 series. Ang 282 high game ni Rex ay nagbigay sa kanya ng Dante's Peak Bowler of the Week award. Ang 768 series with handicap ni Rex ay binasag ang record ni Ricky Reyes na 758 series at sapat para bigyan siya ng Ballantine's High Series of the Week award. Matapos ang matibay na pundasyon kay Rex, nagpakitang gilas din ang ilan pang miyembro ng kanilang koponan katulad ni Joe Rodrigo na nagbabalik matapos mawala ng kung ilang Biyernes ay nagpasaring ng 647 series, Hilda Pilipina na kahit halos liparin ng hangin ay nakuha pa ring tumikada ng 623 series, ang hindi na mabilang na GCC Ladies Masters Champion at kasalukuyang Queen of UAE bowling na si Uella Marcial ay nag sabog ng 615 series at si Jonner Miranda na nag pakawala ng 569 series. Binasag din ng The Bowlers of Symmetry ang Team High Series with Handicap record ng No Bandage na 3,190 sa kanilang 3,203 pin falls sapat para mapanalunan ang Edgar Vale & Nestle Team of the Week award. Ang TBS ay umakyat sa ika apat (#4) na puesto sa kanilang 87 na puntos.

Ang SMDC the good guys ay pinangunahan ni Noel Talavera (635) sa mga iskor na 207, 220 & 208, Jaezen Plata (623), Doc Ronnie Fabian (550), Edwin Carrao (550) at Jojo Mercado (546). Laglag ang SMDC the good guys sa ikalimang puesto sa kanilang 83 na puntos.

Dumaan sa butas ng karayom ang numero dos (#2) na Xclusive sa kanilang katunggali na numero otso (#8) na V for Victory bago nagwagi **5-4**. Masuerte na masasabi ang koponan ni Kapitan Albert Leyesa at natapat na hindi maganda ang kanilang ginawa gayun din ang kanilang nakaharap. Ang Rome bound na si Boni Manalang ang nasa unahan ng opensiba ng Xclusive sa kanyang 622 series. Nakatulong ni Boni sina Mommy Lily Leyesa na nagluto ng 584 series, Pretty Boy, Mel Aviles na nag alaga ng 576 series, Jimmy Devantes na gumaya kay Mel sa kanyang 576 series at si Kapitan Albert na gumawa ng 554 series. Ang Xclusive ay nanatili sa ikalawang puesto (#2) sa kanilang 90 puntos.

Ang V for Victory ay pinangunahan nila Mhel Fernandez na merong 586, Arnold Garcia na merong 580, Kapitan Butch Vargas na merong 579, Lilian Vargas na merong 572 at Mike Vargas na merong 567. Nahulog sa numero diyes (#10) ang V for Victory sa kanilang 72 na puntos.

Sinupresa ng #17 Team Pilipinas ang powerhouse team na #4 LACOSTE (Dante's Peak) matapos nila itong maungusan sa isang high scoring na labanan **6-5**. Walang respeto ang mga Team Pilipinas na pinahirapan ng husto ang kanilang katunggali. Si Kapitan Dennis Araza aka John Lloyd ang nagpahirap ng husto sa kanilang kalaban matapos siyang manguna ng 676 series na kinatigan naman ni Janice Castillo na nagpakawala ng 649 series, si Mark Bumagat ay patuloy na nag i-improve ay nagdagdag ng 602 series, si Fuly Sales Primo ay nagsayaw ng 577 series at si Michael Fidel ay nagtapos ng 545 series para isara ang iskoring. Ang Team Pilipinas ay naka ipon na ng 51 na puntos para manatili sa ika labing pito (#17) na puesto.

Ang LACOSTE (Dante's Peak) ay pinangunahan nila Liza Castro na may 634, Kapitan at Manager na si Dante Herras na may 624, Jhey Laurel na may 619, Ricky Reyes na may 610 at Ramil Tesoro na may 594 series. Ang LACOSTE (Dante's Peak) ay umakyat sa pangatlong (#3) puesto sa kanilang 87 na puntos.

Ang #10 Western Union ay walang awing hinambalos ng pa ulit ulit ang #5 na FC Bowlers **9-0**. Ang napakabait na si Philip Cabutihan ang nanguna sa WU na sumikwat ng 621 series. Nakatulong ni Philip ang nagbabalik na si Chris Cueva na unti unting naaalala kung papaano mag strike, na naglabas ng 625 series,

ang maliit pero matinik na si Vien Datinguinoo na nagpuslit ng 617 series, ang matamis na si Cherry Burayag na nagtanggal ng 614 series at si Romie Alcantara na relax na relax sa kanyang 537 series. Ang Western Union ay umakyat na sa ika siyam (#9) na puesto.

Ang FC Bowlers ay pinangunahan ni Kapitan Bobby Velayo (616), Noel Benavidez (592), Jomar Naguit (566), Marivel Planes (526) at Michael Clarin (485). Ang FC Bowlers ay dumausdos pababa sa numero syete (#7) sa kanilang 76 na puntos.

Wagi naman ang koponang #7 Louie's Team sa kanilang bakbakan kontra sa #14 Covenant **8-3**. Si Joseph Quintillan ang nasa unahan ng opensiba ng Louie's Team matapos niyang maka buslo ng 641 series. Nakasama ni Joseph si Kapitan Louie Sindayen na naka tira ng 633 series, si Robi "madalas tumira" Gamboa ay tumira ng 628 series, si Maria Macatangay (340) ay nagsanib puersa kay Grace Abalos (188) para sa 528 series at si Andy Matic (170) ay nakipagsabwatan kay Mike Minay (420) para sa 590 series. Ang Louie's Team ay sumampa na sa ika anim (#6) na puesto sa ating Team Standings.

Ang Covenant ay pinangunahan ni Manny Riveral na merong 640, Danton Abejero na merong 606, Marlon Martinez na merong 600, Kapitanan Maria Gil na merong 581 at Hector Francia na merong 570. Ang Covenant ay nanatili sa ika labing apat (#14) sa kanilang 59 na puntos.

Bulagta ang #15 Remy's Team kontra sa #9 Ballantine's **9-0**. Nagpakitang gilas ang koponan ni Kapitan Mario Magdaluyo matapos silang magapi noong nakaraang Biyernes sa kamay ng mga perang padala na Western Union team. Ang Boy Wonder na si Robin Edralin ng mga manginginom ng Ballantine's ang kumamada para sa kanilang koponan na ikinagulat ng marami. Si Robin ay nagpakitang gilas sa kanyang kabuuang 739 series sa mga iskor na 238, 261 & 240. Nakatulong ni Robin ang kanilang bagong import na si Gene Ornejas na nakabawi matapos ang dalawang forgettable performances sa kanyang 631 series, ang homeward bound na si Marivic Alfaro ang sumunod matapos niyang pabagsaking ang 613 series, ang bagong tatay na si Dindo Fernando naman ay naglako ng 582 series samantalang ang Original na Pasaway Jay-R Yjares ang papito pito na nagtapos ng 532 series. Ang mga manginginom ng Ballantine's ay naka akyat sa ika walong (#8) puesto sa kanilang 74 na puntos.

Pinangunahan ni Jake Leonador ang Remy's Team sa kanyang 603, kasama sina Fred Realon na may 566, Tina Tabon na may 564, Rodel Billones na may 534 at Mark Hernandez na may 523. Ang Remy's Team ay nasa ika labing anim (#16) na puesto sa kanilang 52 points.

Naungusan ng #13 B&G ang #12 Nestle My Cup 3 in 1 **5-4**. Ang Papable na si Edwin Diaz ang nasa unahan ng atake ng B&G sa kanyang 624 series. Umasiste kay Edwin sina Dong Corpuz na nagsumite ng 591 series, si Ford Deriquito na nag solicit ng 546 series, Kapitan Herbert Capili na dinaan sa kanyang boyish look ang kanyang 545 series at si Melissa Obmina na tumapos sa iskoring ng 504 series. Ang B&G ay nanatili pa rin sa ika labing tatlo (#13) sa kanilang 66 na puntos.

Ang Nestle My Cup 3 in 1 ay pinangunahan ni Noel Bejar (645), Kapitan Larry Dolor (601), Lorna Rabulan (589), Billy Hernandez (487), Rax Araneta (324) at John Calamlam (208). Ang Nestle My Cup 3 in 1 ay nanatili sa ika labing dalawa (#12) sa kanilang 66 na puntos.

Inilampaso ng #16 Approach-A-Bowls ang kulelat na The InKredibowls **8-0**. Si Daisy Rivera ang nagpasan sa kanyang koponan sa kanyang 611 series. Sinundan si Daisy nila Ato Lubao na nagkamal ng 609 series, Marivic Parducho na nagtamasa ng 584 series, Danilo Aquino na sumakmal ng 581 series at Mark Mangalonso na sumamsam ng 500 series. Ang Approach-A-Bowls ay nakasampa sa ika labing lima (#15) sa kanilang 57 na puntos.

Ang The InKredibowls ay pinangunahan ni Josie Forshow na mainit sa kanyang 688 series para Manalo ng Ballantine's High Series of the Week award sa mga iskor na 219, 253 at 216. Ang 253 ni Josie ang nagbigay sa kanya ng kanyang unang Dante's Peak Bowler of the Week award. Sumunod sina Merle Pilapil Cada na merong 584, Arnel Bermas na merong 536 at Kapitan Tracyval Cada na merong 517 series. Ang The InKredibowls ay nasa ika labing walo (#18) na puesto sa kanilang 37 na puntos.

Ang iba pang mga resulta:

#1 NO Bandage patuloy na namamayagpag at mistulang ayaw ng umalis sa unahan matapos makapagtala ng **8** puntos laban sa kanilang mga sarili. Isang nakakakilabot na 666 series ang binitawan ni katotong Andy Erena para pangunahan ang kanilang koponan. Katulong ni Andy sina Kapitan July Perez na nagpakawala ng 585 series, si Ging Aring na nakakopo ng 577 series, Tess Victoria na nagbigay ng 569 series at ang kanilang lucky charm na si Alvin Alfaro na nagtapos ng 553 series. Nananatiling nasa numero uno (#1) ang koponan ng No Bandage sa kanilang naipon na 96 na puntos.

#11 IIEE naka iskor ng **9** puntos laban sa kanilang mga sarili sa pangunguna ni Arnel Arias na bumuslo ng 627 series. Mabilis na nagsitulong ang kanyang mga kasamahan katulad ni Noel Galpo na nagpalaman ng 594 series, Bernard Solomon na nagsagawa ng 587 series, Kapitan Vic Abejero na nagpatawag ng 589 series at ang mataas lumipad na si Liza Lugto na tinaguriang Agila na nagtapos ng 570 series. Ang IIEE ay nanatili sa #11 na puesto sa kanilang kabuuang 72 na puntos.

Ang mga bida sa ating Round 14.

Accumulator Award 1/Round		None	
Edgar Vale & Nestle's Team of the Week		The Bowlers of Symmetry (TBS)	3,203
Bowler of the Week – Male		Rex Galang	282
Bowler of the Week – Female		Josie Forshow	253
High Series of the Week – Male		Rex Galang	768
High Series of the Week – Female		Josie Forshow	688
WTA Winners	Game 1	Game 2	Game 3
Male Open + Handicap	Mario Magdaluyo – 256 (240)	Rex Galang – 282 (260)	Noel Bejar – 265 (260)
Female Open + Handicap	Jaezen Plata – 224 (70)	Josie Forshow – 253 (80)	Josie Forshow – 216 (110)

Pagkatandaan! Kasama ang inyong handicap sa ating WTA para mabigyan ang lahat ng pagkakataon na manalo. Kaya ano pa ang hinihintay ninyo? Sali na!!!

Ang nangungunang 10 na mga magigiting na mandirigma matapos ang Round 14.

1	No Bandage	96	Points
2	Xclusive	90	Points
3	LACOSTE (Dante's Peak)	87	Points
4	The Bowlers of Symmetry (TBS)	87	Points
5	SMDC the good guys	83	Points
6	Louie's Team	81	Points
7	FC Bowlers	76	Points
8	Ballantine's	74	Points
9	Western Union	72	Points
10	V for Victory/IIEE	72	Points

Announcements:

We will have our Round 15 this coming Friday, 6th May 2016 to be followed by our May Bowler of the Month Finals at 2:30pm. Ang mga magtutunggali para sa ating May BOM finals ay ilalabas sa ating Round 15 write up.

Congratulations to our Bowler of the Month Champions for the month of April 2016.

Classification	Champion
Class O – Male	Jake Leonador (Remy's Team)
Class A – Male	Jun Morales (Ballantine's)
Class B – Male	Ryan Layoso (The Bowlers of Symmetry)
Class C – Male	Mark Bumagat (Team Pilipinas)
Female	
Open Class C	Clarisse Corpuz (LACOSTE <Dante's Peak> Merle Pilapil Cada (The InKredibowls)

Magsisimula ngayong Biyernes ang June BOM qualifying. Maari kayong magpalista sa B&G sa Lane 3 at sa Xclusive sa Lane 12 for your entries. The deadline for your entries will be before the end of the 3rd frame of the first game. Our BOM entry fee is AED 30.00.

We would like to thank our major sponsor for this conference, LACOSTE and our support sponsors, Ballantine's (Pernod Ricard Gulf), Nestle, Ben Descargar, Edgar Vale and Dante's Peak.

That is all for now. Let us enjoy our Fridays in DIBC. Just remember bowling is fun and therapeutic. Win or lose just keep on smiling and Laughter is the best medicine. Happy bowling to everybody!!! We will see you on Friday, 6th May 2016 at 10:00am for our Round 15 to be followed by our May BOM Finals.

MMG